Republic of the Philippines
Department of Education
Region II – Cagayan Valley

23 Pebrero 2021

REGIONAL MEMORANDUM
No. 033 s. 2021

DANGAL NG PANITIKAN 2021

Sa: **Katuwang na Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan**
Hepe ng Sangay sa Pagpapatupad ng Kurikulum
Superbisor sa Programang Edukasyon
Pandistritong Superbisor
Mga Punongguro ng Pampubliko at Pampribadong Paaralan ng Elementarya, Sekundarya
At sa Lahat ng Kinauukulan

1. Ipinababatid ng opisinang ito na ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay bukas na para sa nominasyon ng DANGAL NG PANITIKAN 2021. Ito ay pagbibigaypugay sa mga natatanging manunulat na nagpakita ng pagpapahalaga sa kutura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at iba pang wikang pangrehiyon o panlalawigan.

2. Ang huling araw ng pagsusumite ng papel ay sa 31 Marso 2021. Kalakip ay ang kabuoang tuntunin, link ng pormularyo, at paraan sa pagsusumite ng papel sa KWF.

3. Para sa iba pang detalye at impormasyon, makipag-ugnayan kay Octavio V. Cabasag, PhD., Hepe ng Edukasyong Pangkurikulum, Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 2 sa numerong 0905-156-6065 (globe) at 0998-538-5668 (smart).

4. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

BENJAMIN D. PARAGAS, PhD, CESO V
Director IV

Kalakip:
Tuntunin sa Dangal ng panitikan 2021

Ilagay sa Palagiang Talatuntunan
Sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

FILIPINO LANGUAGE NOMINASYON PANITIKAN

CLMD/ovc/romel/memo dangal ng panitikan 2021

DEPEd REGIONAL OFFICE 02
RELEASED
DATE: 02-24-2021
BY: RECORDS SECTION

Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telephone Nos.: (078) 304-3855; (078) 396-9728
Email Address: region2@deped.gov.ph
Website: region2.deped.gov.ph

Kalakip 1

DANGAL NG PANITIKAN 2021, bukás na sa mga nominasyon!

1. Ang Dangal ng Panitikan ay ang mataas na pagkilála sa naiambag sa panitikang Filipino o lifetime achievement award. Binibigyang-pagpupugay nitó ang natatanging manunulat na nagpakíta ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa Filipino at ibá pang wikang panrehiyon o panlalawigan.

2. Bukás ang nominasyon sa mga institusyon at/o manunulat na nakapag-ambag sa pagpapayaman ng panitikan ng Filipinas. Ang mga ambag ay dapat na nagpapakíta ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.

3. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limang (5) taón.

4. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa panitikang Filipino at mga katutubong wika ng Filipinas (kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba.)

5. Ang mga nominado ay marapat na manggáling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mulâ sa labas ng KWF.

6. Pára sa onlayn na nominasyon, sagutan ang pormularyo sa link na ito https://forms.gle/CJuAonoKajcTfnv57 at ihanda ang sumusunod na dokumento na naka-pdf format: (1) KWF Pormularyo sa Nominasyon; (2) Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina; (3) Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán); at (4) Mga pruweba sa katipunan ng mga akda na nagpapakíta ng pagpapahalaga sa kultura, kaakuhan, at kayamanang pamana, bukod sa pambihirang pagkasangkapan sa wikang Filipino.

7. Pára sa nominasyon na ipadadalá sa koreo, ilakip sa isa o higit pang long brown envelop ang sumusunod na dokumento na binanggit sa bílang 6 at ipadalá sa:

Lupon sa Gawad Dangal ng Panitikan 2021
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

8. Ang hulíng araw ng pagpapása ng nominasyon ay sa 12 MARSO 2020, 5nh.

9. Ang tatanghaling Dangal ng Panitikan 2021 ay tatanggap ng naturang gawad sa iginagayak na programa ng KWF sa Araw ni Balagtas, 2 Abril 2021.

10. Pára sa ibá pang detalye, mangyaring tumawag o mag-text sa 0928-844-1349, o magpadalá ng email sa Sangay ng Edukasyon at Networking sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.

DEPEd ROX
RECEIVED
DATE: 02-18-2021
BY: [illegible] 2pm
RECORDS SECTION
021821037

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO • 1991 •

Bukás na sa mga nominasyon!

DANGAL NG PANITIKAN 2021

12 MARSO 2021
Huling araw ng pagsusumite